# *Ang Dakila't Makapangyarihang Mananagumpay*

Magandang umaga po, sa inyo. Isang napaka "Maligayang Pasko ng Pagkabuhay" sa bawat isa sa inyo! Isa nga ito sa pinaka dakilang araw, ng paggunita sa pagkabuhay na mag-uli ng ating Panginoon. Isa nga ito sa pinaka dakilang araw sa buong kasaysayan ng mundo. Ito ngang pagkabuhay na mag-uli. At nagagalak po tayo na makaparito, sa umagang ito, sa dakilang araw na ito. At ang makita ang pagsikat ng araw, at ang mga bulaklak na tumutubo mula sa lupa, haya't ang lahat ng mga bagay ay pumapatungkol mismo sa Pagkabuhay.

At ngayon sige po't iyuko na natin ang ating mga ulo pansumandali.

2 Ama, Diyos, sa Iyo pong Presensya kami'y dumudulog. At kami'y umaasa na Iyong pagkakalooban kami, sa umagang ito, ng sadya ngang dagdag pang pagpapala mula sa Langit, kaunti pong paghipo ng Pagkabuhay sa aming mga kaluluwa; na, sa amin pong paglisan mula rito mamaya, ay amin pong masasabi, gaya nung mga kalalakihan mula sa Emaus, "Hindi baga't ang aming mga puso'y nag-alab sa loob namin, dahil sa Kanyang Presensya?" Sapagkat, hinihiling namin ito sa Pangalan Niya, at sa kaluwalhatian Niya. Amen.

3 Dun po sa dulo ng aklat, sa ika-28 kabanata ng Ebanghelyo ni San Mateo, at sa ika-7 talata, nais ko pong basahin ito para sa isang teksto, habang tumutugaygay tayo sa gawaing ito.

> *At magsiyaon kayong madali, at sa kaniyang mga alagad ay sabihin ninyo na siya'y nagbangon sa mga patay; at, narito, siya'y nangunguna sa inyo sa Galilea; doon makikita ninyo siya: narito, nasabi ko na sa inyo.*

4 Napakarami pong dakilang mga atas ang naibigay sa tao at sa mga lipi ng mundong ito. Pero wala na ngang mas hihigit pa sa kahalagahan ng atas na ito na ibinigay, "Magsiyaon kayo at sabihin sa Kanyang mga alagad na Siya'y nagbangon mula sa mga patay." Isa 'yung dakilang atas. At ang tanging paraan para ang atas na ito'y maibigay, ay dahil kinailangan ng isang dakilang pananagumpay, unang-una.

5 May kalalakihan nga tayo sa panahon natin ngayon, at sa mga nagdaang panahon man, at sa dakilang kasaysayan ng mundong ito, sa mga naglalakiha't, malalapad na mga dako ng

labanan; napakarami na ngang dakilang mananagumpay, heto nga't napakarami ng dakilang mga bagay ang naipangyari para sa lahi ng tao.

6 Halimbawa na lang, binubulay ko nga, habang ako po'y paparito sa umagang ito, gumising ako nang maaga, at di na ako nagkaroon ng pagkakataon na makapag-aral maigi. Dahil, di ko inalam kung aling bahagi, kagabi, kung paano ang takbo ng gawain natin ngayon, sa pagitan ng pastor at ako, sa mga gawain. Pero sa daan ko nga, bigla ko na lang naisip, sa umaga pong ito, ang sa tingin ko'y pinaka maganda sa abot ng aking maipapangusap sa Kanyang mga tao, na ipangusap ang isang mensaheng ito. Ito po 'yung naisip ko, "Magsiyaon at sabihin sa Kanyang mga alagad." Ngayon, 'yung Kanyang mga *alagad* ay Kanyang "mga tagasunod." Ang isang *alagad* ay "isang tao na sumusunod." At naisip ko po ang paksang ito, ng, *Ang Dakila't Makapangyarihang Mananagumpay*.

7 At sa pagbubulay kung gaano nang karaming mga dakilang mananagumpay ang nagkaroon tayo sa mundong ito, at kung anu-ano ang dakilang mga bagay na kanila mismong nagawa para pausarin at pabutihin ang paraan ng pamumuhay ng tao. Naisip ko nga ang dakilang si Napoleon, nung panahon niya, na haya't di naman siya Pranses kung tutuusin, pero may kung ano ngang bagay sa diwa niya. Una, di niya—di niya gusto ang bansang Pranses, di niya siya gusto. Nanggaling siya sa mga isla. Pero may kaisipan nga siya sa isipan niya, na, balang araw ay mananagumpay siya. At ang dahilan kung bakit may ganito siyang kaisipan sa kanyang pag-iisip, may bagay kasi siya na kailangan niyang gawin.

8 Ang bawat tao nga, bago n'yo magawa ang isang gawain, kinakailangan na may motibo kayo, may nilalayon, isang bagay na kailangan n'yong gawin, isang layunin ng gampanin, bagay na pagbabasehan ng inyong gagawin.

9 At gaya nga ng nalalaman nating lahat, sige't kunin natin ang kasaysayan ni Hitler. . . o, di po pala ni Hitler, kundi ni—ni Napoleon po pala, na siya'y kumilos base sa buwan, at base sa pagbabago ng mga bituwin. Sa ganoong paraan siya kumilos, at umaasa; dahil nung isang beses na ginawa niya 'yun, haya't nakapanagumpay siya. At nagtungo siya sa bansang Pranses, at naging dakilang mandirigma siya. Marami siyang ipinapatay, dahil di sila sang-ayon sa kanya. At nilinis niya ang buong bansa niya, mula sa lahat ng mga bagay na kontra sa kanya. Kanya talagang nilinis at nilipol nang lubos, dahil 'yun ang kailangan niya talagang gawin. Kung di kasi 'yun ang ginawa niya, may kung anong bagay na sasalungat sa kanya lagi, at sa dakilang plano na nasa isip niya. Yung buhay niya mismo'y malalagay sa peligro, kaya kinailangan niyang ilagay ang buo niyang kaharian nang sadyang kontrolado niya mismo sa abot ng makakaya niya.

10 Sa tingin ko'y nasusundan n'yo ako ngayon sa bagay na ito, ng dakilang Mananagumpay na binubulay ko. Ang lahat ng nasa Kanyang Kaharian ay kinakailangan na sa Kanya. Haya't kinakailangan na buong puso, kaluluwa, at katawan, ay para sa Kanya. Walang dapat na laban sa Kanya. Anumang bagay na laban sa Kanya, Kanya ngang aalisin 'yun. Kinakailangan na lahat mismo'y ganap na Kanyang-Kanya. At nung . . .

11 Si Napoleon, nag-ipon siya ng mga sandata, mga kanyon, mga baril, mga musketa, mga espada. At humayo siya na taglay ang isang kaisipan na ito, na kanyang pananagumpayan ang mundo. At talagang nagawa naman niya, sa edad na tatlumpu't tatlo. Haya't nung kabataan niya, isa siyang prohibisiyonista. At 'yung inani niyang higit na kasikatan ay ibinunsod siya na maging mapagkunwari't mapagmataas sa sarili; at nakaapekto 'yun sa kanyang ugat, hanggang sa mamatay siya sa edad na tatlumpu't tatlo, na isang lasenggo. Yung kanyang kasikatan, haya't di niya nakayanan. At ang tingin ko nga sa lalaking ito, na sa bagay na ito, sa edad na talumpu't tatlo, ay kanyang pinanagumpayan ang mundo't ang kaso'y namatay naman na isang lasenggo, dahil sa kanyang kasikatan, at naiwaglit ang mismong prinsipyo na kanyang ipinaglalaban. Siya nga'y—siya nga'y mistulang isang tipo, o, hindi tipo, hayan nga, kundi isa siyang instrumento ng diyablo. Haya't sinubukang lupigin ang mundo, at nabigo siya, sa edad na tatlumpu't tatlo.

12 Pero, oh, itong dakila't, makapangyarihang Mandirigma na ipinapangusap ko, sa edad na tatlumpu't tatlo, hayan nga't pinanagumpayan ang lahat ng mga bagay sa lupa at sa—sa impyerno man. Sa edad na tatlumpu't tatlo, isang dakila't makapangyarihang Mananagumpay!

13 Heto't binubulay ko ang dakilang mga labanan na ibinaka sa mga dakong ito. Alam natin, ang katapusan na kinaharap ni Napoleon, noong kumaharap na siya sa kanyang katapusan sa Waterloo. Nagkaroon po ako ng pribilehiyo, di pa katagalan, na makita 'yung mga diorama na hinango sa mga nalabing bahagi ng karwahe niya, at ng mga mangangabayo at mga sundalo, kung paano nasira ang mga 'yun sa dako ng labanan. At naroon nga 'yung mga karwahe na nakatambak dun na sama-sama, at wasak ang mga gulong, na tanggal-tanggal mismo't nakakalat dun sa parang, kung saan nakalatag itong malaking display na ito.

14 At grabe ang kaibhan nito: ang makita ang lalaking 'yun sa edad na tatlumpu't tatlo, at ang kahihiyan na nailatag dun sa bantayog ng malawak niyang pakikibaka at panlulupig; at pagkatapos ay tutuon dun sa Jerusalem, at mamasdan 'yung libingan dun na walang laman, bilang bantayog ng dakila't makapangyarihang Mananagumpay.

15 Sa tuwina, ano't may kung anong bagay sa pananagumpay. Kung may bagay tayo na nilalabanan, kung may karamdaman

tayo sa katawan natin, at lumalaban tayo na haya't kamatayan at buhay na ang nakataya, grabeng pananagumpay 'yun kapag masksihan natin na napagtagumpayan 'yun. Kung nilalabanan natin ang isang masamang gawi, o kung anong malaking bagay na mistula ngang nilulukuban tayo, hayan nga't kapag ang malalaking mga bandera'y iwinagayway na't napanagumpayan na natin ang bagay na 'yun; grabeng pakiramdam ang dulot nun sa atin, sa kalooban natin, dahil sa puntong 'yun ay maaari na tayong tawagin na mananagumpay.

16 Ngayon binubulay ko po ang huling digmaan, at kung papaanong nakuha ni Hitler ang Warsaw. At iniisip ng mga Aleman nung panahon na 'yun na 'yun ay isa sa pinaka malaki nilang pananagumpay, dahil 'yung pinaka pinuno nila, na si Adolf Hitler, ay nagawang palubugin ang lahat ng mga bagay sa Warsaw noon, giniba ang mga tulay, at maging 'yung pinaka malaking tulay dun ay bumagsak. Nalathala sa mga diyaryo 'yung nakakabahalang litrato nung pagbagsak ng tulay. Yung mga Aleman ay nagmamartsa sa lansangan, at nagpapatugtog ng mga tambol at sumisipol ng mga silbato, at libo-libong mga eroplano ang dumaraan sa kinaroroonan niya, yamang kinamit niya ang una niyang tagumpay. Nakatayo roon na parang isang Alexander the Great, o isang Napoleon, na pinanagumpayanan ang mundo, pero saan nga siya humantong? Sa kahihiyan. Tunay, siya nga'y humantong dun.

17 Naaalala ko nung gawin nila 'yung kamangha-manghang Burma Pass. Kailangan kasing may. . .kapag dumaraan sila sa bundok dun. May ilan sa mga kalalakihan na nakaupo rito sa umagang ito, ang marahil, nakaligtas noon dahil ginawa itong malaking tibag sa burol doon. Grabeng tangkain 'yun! Grabeng hirap ang inilagak nila roon, at grabeng husay ng ginawa nilang 'yun! At ganoon na lamang kalaking pera ang ginugol para gawin ang Burma Pass, milyun-milyong dolyar mismo! May ilang mga kalalakihan na buhay nila ang naging kapalit, sa paggawa nung daan! Pero sa wakas, at pagkatapos ng ilang panahon, nung magawa na ang huling milya nun, at matapos na 'yung daanang tibag na 'yun, ganoon na lamang ang mga sigaw ng pananagumpay na namutawi mula sa mga tao! May tibag na sa burol na maaari na nilang tawirin ang kabundukan sa pamamagitan nun, tungo sa pagkamit ng pananagumpay.

18 May binubulay po akong isa na namang daanang tibag, na may isang araw na haya't ang buhay ng ating pinagpalang Panginoon ang hininging halaga. Di lang 'yun isang daan dito sa lupa, bagkus isa 'yung lansangan na tinawag na "daan ng kabanalan," kung saan ang mga di-malinis ay di makakalusot, haya't yaon lamang mga hinero. Yaon lamang mga nasa panig kung nasaan Siya, ang tanging makadadaan sa daanang 'yun.

19 Maraming dakilang pananagumpay ang napanagumpayan. Marami po sa atin ang nagugunita pa nang husto ang Unang

Digmaang Pandaigdig. Naaalala ko pa nga nung ako'y batang paslit pa lang, naulinigan ko po 'yung tunog ng mga silbato; at maging 'yung mga magsasaka, sa sakahan, ay inihinto nila ang kanilang mga kabayo, at iwinagayway ang kanilang sumbrero. Nagsigawan sila. Nagsihiyawan. Ano 'yung nangyari? Tapos na kasi ang digmaan. Nakamit na ang tagumpay. Ang dakilang pamamahala na pinaglalaban natin, sa wakas ay nakamit natin ang tagumpay.

20 Binubulay ko rin itong huling digmaang pandaigdig. Ako nga'y nakatira lang malapit sa kalsada. At nung patunugin na ang mga silbato, nagsitakbuhan ang mga tao sa bakuran; 'yung mga kababaihan pa nga'y nakasuot pa ng mga apron, tinanggal 'yun, at iwinagayway sa ere. May mga paputok sa ibabaw ng mga puno. Pinatunog ang mga silbato. Nagsisuguran ang mga kotse sa kalsada. Ang mga tao nga'y napaluhod, at napataas ng kanilang mga kamay. Nagsihiyawan sila. Napaiyak. Bakit? Dahil natapos na rin sa wakas ang digmaan. At 'yung mga mapapalad, na mga kalugud-lugod na kalalakihan sa ibayong dagat, sila nga'y lalayag na muli't babalik na uli ng tahanan sa kanila. Grabeng pananagumpay! Grabeng panahon, at grabeng kaligayahan ang naroon sa puso ninuman! Grabeng jubileo! Nung gabi ngang 'yun, ang lahat ay masayang-masaya, maaari ka ngang makapasok sa isang restawran at kumain, at lalakad palabas at kahit di nagbabayad, ay ayos lang. Siguro pa nga'y kahit magamit mo nang di sinasadya ang kotse ng ibang tao, ay ayos lang din. Marahil hihiling ka ng kung anong gusto mo, at siguro nga'y makukuha mo 'yun. Dahil bakit? Nakamit na kasi ang pananagumpay. Ang mga kalalakihan ay pauwi na. Tapos na ang lahat.

21 At binubulay ko nga, kapatid ko, na nakakalungkot isipin na 'yung ganoong klaseng pakiramdam ay di kayang magtagal. Pero, sa mga Cristiano, sa umagang ito, ang pananagumpay ay nakamit na. Ang mga kampana ng kagalakan ay tumutunog na. Tapos na mismo ang iringan, sa pagitan ng Diyos at ng tao. Ang pananagumpay ay napanagumpayan na.

22 Haya't bago makamit ang pananagumpay, kinakailangan na magbayad ng malaking halaga. Oh, grabeng halaga! At kung minsan ay malalim na malalim talaga, at sa lalim ay nagtatamo mismo ng malalalim na sugat, na lumalatay nang malalim. Pero, bago nga kamtin ang bundok, kinakailangan na kamtin muna natin ang lambak. Bago natin kamtin ang sikat ng araw, kinakailangan na kamtin muna natin ang ulan. Bago natin kamtin ang liwanag, kinakailangan na kamtin muna natin ang gabi. Bago natin kamtin mismo ang tama, kinakailangan nilang kamtin muna ang mali, o di mo malalaman kung ano ang mali.

23 Pero para kamtin at panagumpayan ang pinaka dakilang labanan na mapapanagumpayan, may Isa na humakbang mula sa Kaluwalhatian, maraming-maraming taon na ang nagdaan.

At hindi Niya kinuha para sa Sarili Niya ang anyo ng isang Anghel. Hindi Siya pumarito na mistula bang isang dakilang tao. Pero Kanya ngang papatunayan na di pala kailangan ng mga musketa't mga bala, at mga bomba atomika, para maka panagumpay ng isang digmaan. Binihis Niya sa Kanyang Sarili ang kababaang-loob, na tulad sa isang munting sanggol, at isinilang sa sabsaban. Ni wala ngang lugar para doon sana'y maipanganak, nung Siya'y isinilang. Gusto kong pagtuunan n'yo ng pansin itong ibang gamit sa pakikibaka, na Kanyang ginamit.

24 Ngayon, ang buong lipi ni Adan ay nasa pagkaalipin. Sila nga'y, walang pag-asa, walang Diyos, walang tsansa, walang kahabagan, walang kahit na ano na makatutulong sa kanila. Ang matitinding mga kaaway, mula sa kalalim-lalimang dako ng kapahamakan, kanilang ipininid sila sa kadiliman. Walang dako para makaalpas. Walang kahit sino na makatutulong. Walang magagawa. Mistula nga 'yung isang lubos, na ganap na pagkatalo.

25 Subalit ang ating Bayani, Na bumaba mula sa lagusan ng Kaluwalhatian, ay bumaba!

26 Dahil, walang kahit sinong tao sa lupa ang kayang gawin ang gampaning 'yun. Lahat sila, gaya ng kasabihan sa labas, ay naroon sa iisang bangka. Tayong, lahat ay, "ipinanganak sa kasalanan, inanyuan sa kasamaan, dumating sa sanlibutan na nagsasalita ng mga kasinungalingan." At wala ni isa sa atin ang may kakayahan na tulungan ang isa't isa. Naroon tayo na walang magawa, talunan, napariwara saanman tingnan, lahat ay walang pakikipaglakip. Di natin kayang sundin ang mga kautusan at mga pamimitagan, ang nakikita lang sa tuwina ay itong kanilang mga kahinaan at lahat na, di natin kayang isakatuparan 'yun. At mistula ngang ang buong sangkatauhan ay mararatay lang sa kawalan.

27 At pagkatapos Siya'y dumating, bumaba Siya. Dahil, "Siya ay naroon sa pasimula," ang sabi ng Biblia, "Siya ang Salita." Siya ang Logos na namutawi mula sa Diyos. At ang Logos, sa pasimula, ay ang Salita. At Siya'y naging yaong Salita. Tapos nung Siya'y pumailanlang sa maluwalhating araw na 'yun ng Pagkabuhay, di lang Siya naging ang Salita, bagkus Siya pa nga'y naging ang Dakilang Saserdote ng Kanyang Sariling Salita. Oh, grabeng maluwalhating bagay, Kapatid na Neville! Ang bulayin 'yun! Di lang Siya Salita, bagkus Siya pa yaong Dakilang Saserdote ng Kanyang Sariling Salita. Papaano pa natin 'yun mapag-aalinlanganan? Papaano natin magagawa na makalapit sa Kanya at di sasampalatayanan na tinanggap na natin ang bagay na hiniling natin? Dahil, Siya na mismo ang Salita at ang Tagapamagitan ng Salita! Ang Logos ay naging ang Salita, at ang Salita ay nagsalaman; at ang siya ring laman na yaong Salita, ay tinanggap sa kaitaasan sa Kaluwalhatian,

at ngayon ay ang Dakilang Saserdote na namamagitan, Siya Mismo, sa Kanyang Salita.

28 Yun ang kinakailangan! Yun ang kagamitang taglay ng Iglesya. Grabeng sandata! Wala ngang kahit na ano pa kahit kailan na katulad Nun. Siya ang Salita. At nung Siya noon ay maparito, ipinanganak Siya sa sabsaban. Dumating Siya para gamitin ang sandata na 'yun ng p-a-g-i-b-i-g, pag-ibig, para panagumpayan ang sanlibutan; di nga ng mga bala ng militar, ni mga machine gun man at mga tangke. Bagkus Siya mismo'y dumating sa ibang paraan. Dumating Siya sa anyo ng pag-ibig. Siya ang pag-ibig ng Diyos.

29 Isang beses, nung ako'y batang paslit pa lang, iniisip ko dati na mahal ako ni Cristo, at di ako mahal ng Diyos; yamang si Cristo ay namatay para sa akin, pero may kung anong bagay ang Diyos na laban sa akin. Pero nalaman ko nga na si Cristo ang pinaka puso ng Diyos. "Ganoon na lamang na iniibig ng Diyos ang sanlibutan, na Kanyang ibinigay mismo ang bugtong Niyang Anak, na sinuman ang sumasampalataya sa Kanya'y di mapapahamak, bagkus ay may Buhay na Walang Hanggan."

30 Ngayon dumating Siya, unang-una, para managumpay. At ang bagay nga na inilagay ng diyablo sa sanlibutan ay poot. At Siya nga'y dumating para panagumpayan ang poot. Haya't kapag napapanagumpayan natin ang ating mga pakikibaka, at kung ano pa, sa mga digmaan ng daigdig, sa tuwina nga'y ang iniiwan nito, palagi, ay poot; dahil, ang pakikipagbakang gaya nun ay sa kaaway. Pero si Cristo nga'y pumarito na ang taglay ay pag-ibig, para gapiin ang poot, para ibigin sila na mga di kaibig-ibig. Dumating nga Siya na taglay ang isang naiibang sandata. Haya't ipinagpakumbaba Niya ang Kanyang Sarili, "ginawa na mas mababa pa nang kaunti kaysa sa mga Anghel," para pagdusaan ang kamatayan, at magbigay ng ehemplo. At nung Siya'y narito noon sa lupa, Siya'y lumakad kasama ang mga tao.

31 Pinatunayan Niya ang mga sandata Niya ng pakikibaka, nung Kanyang pagalingin ang mga maysakit. Nung kunin Niya ang limang maliliit na tinapay at dalawang pirasong isda, at pinakain ang limang libong katao, pinatunayan Niya na taglay Niya ang kapangyarihan na higit sa bawat bomba atomika na mayroon. Haya't di lang Siya nagpalitaw dun ng isda, bagkus isdang luto ang pinalitaw Niya. Di lang Siya nagpatubo ng trigo sa loob ng mga tinapay na 'yun, mangyaring nagpatubo Siya ng trigong luto sa mga tinapay na 'yun. Ipinapakita lang n'yan na Siya ang dakila't makapangyarihang Mananagumpay! Di lang Siya basta kumuha ng tubig mula sa balon, hayan nga't Kanya mismong ginawa 'yung tubig, na maging alak, mula dun sa balon. Pinatunayan Niya na taglay Niya ang Kapangyarihan na managumpay. At umibig Siya, haya't ang Kanya mismong sandata ay pag-ibig. Ngayon pansinin.

32 Pagkatapos nung gawin Niya ’yun, nung tumayo Siya noon sa tabi ng libingan ni Lazaro, at hayun nga roon ang isang lalaki, na patay na, at nailibing na nang mag-aapat na araw na. Haya’t maging ’yung mga naroon sa tabi, sabi nila, “ngayon nga’y nangangamoy na siya.” Nalaglag na ’yung ilong niya, ’yung mga uod ng balat ay nagsigapang na roon. At si Jesus ay tumindig doon, bilang ang makapangyarihang Mananagumpay, nung sabihin Niya kay Marta at Maria, nung tumindig Siya roon, “Hindi ba’t sinabi Ko na sa inyo, ‘Kung kayo lamang ay makasasampalataya, ay makikita ninyo ang kaluwalhatian ng Diyos’?” Mangyaring nauna Niyang sinabi (nung sabihin nila, “ang kapatid namin ay patay na,” at kung ano pa), haya’t ang sabi Niya, “Ako ang pagkabuhay na mag-uli at Buhay! Ang sumasampalataya sa Akin, kahit na siya’y patay na, siya ay mabubuhay. At ang nabubuhay at nananampalataya sa Akin, ay di kailanman mamamatay. Hindi ba’t sinabi Ko na mismo sa inyo na ang Walang Hanggan, at pinagpalang Kapangyarihan ay nakalagak sa Akin?” Mangyaring di lang Siya nagbitaw ng kung anong pahayag, Kanya ngang nagawa na maisakatuparan ang lahat ng sinabi Niya, dahil Siya ang makapangyarihang Mananagumpay.

33 Nananahan sa Kanya, taglay-taglay mismo, natatabingan ng laman ng tao, haya’t bilang isang tao, pero sa loob nga’y ang nakapanahan dun ay wala nang iba’t ang Makapangyarihan sa lahat na Diyos, Yaong dakila’t makapangyarihan. Magagawa nga Niyang lumikha muli. Magagawa Niyang lumikha ng bago mismong mga bagay. Magagawa Niyang magsalita, at anuman ang Kanyang hilingin ay ipagkakaloob sa mismong segundo na ’yun. Pero, Kanyang ibinaba ang Kanyang Sarili, Siya nga’y nagpakababa. Gusto Niyang magbigay ng isang ehemplo. Ang gusto Niya’y maging isang tamang uri ng Mananagumpay, at Siya nga. Ngayon, pinatunayan Niya ang Sarili Niya na ganoon mismo.

34 Gaya nga ng lagi ko nang sinasabi sa aking pagtitipon, marahil ito po’y magbibigay pagpapatibay sa umagang ito, sa grupo na ito ng mga tao, sa magandang umagang ito ng Pasko ng Pagkabuhay. May isa pong ginang, na kasapi siya sa isang iglesya na di naniniwala na dapat tanggapin ang Dugo ng Panginoong Jesus. “Kung wala ang pagbubo ng Dugo, walang kapatawaran ng kasalanan.” Ang sabi nung ginang sa akin na ang Lalaking ’yun ay isa lamang propeta, isang kalugud-lugod na Lalaki, at ginagawa ko raw itong Diyos. Sabi ko, “Siya’y Diyos naman talaga. Siya’y Diyos.”

Sabi niya, “Ginagawa mo naman Siyang napaka dakila.”

35 Sabi ko, “Naku’t walang salita na kayang maghayag ng Kanyang kadakilaan!” Di kailanman nakasumpong ang dila ng tao para ihayag ’yun!

36 May kausap po akong lalaki nung isang araw, isa pong diplomata mula sa Washington, DC, at ang sabi niya, sa isang munting patotoo sa isang—isang agahang pagtitipon kung saan kami kasapi, sabi niya, "Kapatid na Branham, ako'y Lutheran buong buhay ko. Pero," sabi niya, "nung isang araw habang ako'y dumadalo sa isang makalumang rebaybal," sabi, "ako nga'y lumuhod dun sa may altar, at nagnais ako ng karanasan sa Diyos." Sabi niya, "At habang naroon ako't nakaluhod. . . " Ngayon, isa po siyang diplomata sa Washington na siya pa nga'y nakapanilbihan sa ilalim ni Pangulong Cooledge. At nung siya raw ay "tumingala," sabi niya, "nakakita ako ng pangitain ni Jesus." Sabi niya, "Kaya kong magsalita ng siyam na iba't ibang lingguwahe, nang matatas." Sabi niya, "Pero wala nga akong masumpungan na isa mang salita para salitain, mula sa siyam na iba't ibang lingguwahe na 'yun." Sabi niya, "Kaya itinaas ko na lamang ang aking kamay, at pinagkalooban Niya ako ng isang bagong lingguwahe, na ginamit ko para makapag salita." Sabi niya, "Haya't nakita ko mismo ang Kaluwalhatian ng Kanyang mukha."

37 Pero ang sabi nung babae sa akin, sabi niya, "Kapatid na Branham, si Jesus ay tao lang, propeta lang."

Sabi ko, "'Diyos Siya,' kapatid kong babae."

38 Sabi niya, "Ginagawa mo Siyang Diyos, pero hindi Siya ganoon." Kaya ang sabi niya, "Dun nga sa daan, sa burol. . . na pinagratayan, sa libingan ni Lazaro, ang sabi ng Biblia, 'Siya'y tumangis.'"

39 Tunay, Siya ang pinaka puso mismo ng Diyos. Nagdusa Siya kung papaano tayo nagdusa. Siya'y laman kung paano nga na tayo'y laman. Dinala Niya, sa Kanyang katawan, ang siya ring mga pagnanasa at mga bagay na ginagawa natin. Yamang, upang maging ganap na Hain, kinailangan Niyang gawin 'yun. Ginawa nga Niya. Pero ang sabi ko. . .

Sabi nung babae, "Tumangis Siya, nung papunta roon sa libingan ni Lazaro."

40 Sabi ko, "Pero, oh, binibini, tama. Siya'y Tao, nung Siya ay tumangis. Pero noong Siya ay tumayo roon, sa tabi mismo ng libingan, kung saan ang nananahimik, na patay ay nakaratay; kung saan nakalagak ang isang nabubulok nang katawan, na nababalutan ng tela; nung sabihin, 'Alisin ang bato.' Itinuwid nga Niya ang Kanyang munting katawan, at nagwika, 'Lazaro, lumabas ka!' At isang lalaki na patay na, nang mag-aapat na araw, ay naroo't tumayo mismo."

41 Ano nga 'yun? Napagkilala ng kabulukan ang kanyang Manlilikha. Napagkilala ng kaluluwa ang kanyang Panginoon. At ang dakila't makapangyarihang Mananagumpay na 'yun ay pinatunayan mismo sa dakong 'yun na taglay Niya talaga ang Kapangyarihan ng kamatayan, at sa impyerno, at ng libingan.

42 Tunay, na pinagagalak nito nang husto ang ating puso! Diba't pinag-uusapan lang natin 'yung pangangalampag ng mga palanggana, at pagbubusi-busina? Narapat lamang na ang mundo'y magalak sa pagdiriwang sa umagang ito, na gaya ng di pa nito nagagawa kailanman, na may paghiyaw at pagsigaw mula sa Kanyang bayan, dahil ito ang araw ng paggunita na Kanya noong ginapi ang huling kaaway, at pinalaya tayo na mga bihag.

43 Oo, Siya'y Tao. Tama. Pinatunayan Niya ang Sarili Niya na isang Tao, at pinatunayan din Niya ang Sarili na Diyos.

44 Isang gabi, nung ang maalon, at nangangalit na dagat, na kumitil ng libo-libong mga buhay. . . Marahil may ilan sa mga nanay rito, sa umagang ito, ang inyong mga anak na lalaki ay namatay dun sa nangangalit na dagat sa kung saang ibayo, marahil lumubog sa ilalim ng mga daluyong ng malawak na dakong ito ng pandaigdigang digmaan. Marahil ang ilan sa mga mahal n'yo sa buhay ay naroon, marahil sa ilalim ng dagat.

45 Pero isang gabi nung Siya nga'y nakahiga roon sa isang maliit na bangka, at ang mga daluyong ay taas-baa sa palibot ng dagat, na parang takip ng bote. Siya nga'y tumindig, at ipinatong ang Kanyang paa sa gilid ng bangka. Tumingala Siya sa Langit, at nagsabi, "Pumayapa." At sa mga alon, ang sabi Niya, "Tumahimik ka!" At 'yung nangangalit na dagat na 'yun ay mistulang kuminis na wala ni isang kulubot man ang nakita dun. Tunay, Siya nga!

46 Tunay na Siya'y nagutom katulad sa isang Tao. Nung Siya nga'y pababa noon mula sa bundok at Siya nga'y gutom noon, tinitingnan-tingnan ang puno kung may makakain ba, Siya'y isang Tao. Pero nung kunin Niya ang limang tinapay na 'yun at ilang isda, at pinakain ang limang libo, Siya'y higit pa sa isang Tao.

47 Nung Siya'y mamatay labing-siyam na daang taon ang nakararaan, isang araw bago ang kahapon, na nakabayubay sa krus, sumisigaw ng kaawaan, "Diyos Ko, Diyos Ko, bakit Mo Ako pinabayaan?" Namatay Siya na tulad sa isang Tao. Pero labing-siyam na raan at ilang taon ang nakararaan, sa umaga ngang ito, pinatunayan Niya kung sino Siya! Ibinigay Niya ang huling tatak ng Kanyang pagka-Mesiyas nung basagin Niya ang gapos ng kamatayan at impyerno na malagot, at bumangon mula sa libingan, na taglay ang pananagumpay, "Ako'y buhay kailan-kailanpaman! At, dahil sa Ako'y nabubuhay, kayo rin naman ay mabubuhay!"

48 Hayan ang Mananagumpay! Diba't binabanggit lang natin kanina 'yung mga tinanggal na mga apron at iwinagayway ang mga 'yun? Sasabihin nga ng mga tao na tayo'y aba't nababaliw dahil nagsisihiyawan tayo at nagsisitakbuhan, at nagsisigawan tayo at nagsisihiyawan tayo. Di kasi nila naramdaman yaong

mapanagumpay na pagdagundong ng Langit, na, "Ang labanan ay tapos na!" Ang dakila't, makapangyarihang Mananagumpay natin ay kinamit na ang bawat pananagumpay! Nakatayo Siya mag-isa, sa umagang ito, na wala nang makasasaling pa!

49 Nung Siya'y pumarito sa lupa, ibinigay nila sa Kanya ang pinaka mababang pangalan na maibibigay sa Kanya, na isang "panatiko." Tinawag nila Siyang *Beelzebub*, "prinsipe ng mga diyablo." Ganoon nga. Nagpunta Siya dun sa pinaka mababang siyudad sa mundo, sa Jerico, at ang pinaka maliit na lalaki ng siyudad na 'yun ay kinailangan pa na tumingin paibaba para makita Siya. Pero nung ang Diyos, labing-siyam na libong taon ang nakararaan, ay ibinangon Siya! Hayun ang ginawa ng mga tao sa Kanya. Pero, sa pamamagitan ng sandata ng pag-ibig, ginapi Niya ang bawat diyablo.

50 At pagkatapos ay itinaas Siya ng Diyos sa kataas-taasan mismo, at ibinigay sa Kanya ang isang Pangalan na mataas sa lahat ng pangalan na ipinangalan sa Kalangitan at lupa. Bawat pangalan sa Langit ay yumuyuko sa Pangalang "Jesus"! Bawat Anghel, bawat namumuno, haya't ang bawat isa'y yumuyuko sa Pangalang "Jesus"! Bawat dila man ay ipahahayag Siya, bawat tuhod ay luluhod sa Kanya. At itataas Siya sa kataas-taasan, na anupa't kakailanganin Niyang tumunghay mismo paibaba para matanaw ang Kalangitan. Hayan ang makapangyarihang Mananagumpay! Hayan nga ang Isa na gumanap nun! Nung Kanyang lisanin ang lupa, matapos na, gaya nga ng tinalakay natin kagabi, taglay Niya ang mga susi ng kamatayan at ng impyerno na nakasabit sa Kanyang tagiliran, amen, "Huwag kayong matakot, Ako Siya na namatay, at ngayon ay nabuhay na mag-uli't magpakailan-kailanpaman. At" (ang *at* ay isang pang-ugnay) "Taglay Ko ang mga susi ng kamatayan at ng impyerno, na nakasabit mismo *rito*." Haya't pinag-uusapan ang isang Mananagumpay! "At, yamang Ako'y nagpanagumpay, Ako'y gumawa ng tanging daan para kayo'y makapaglakbay."

51 Tinanggihan ang tao mula sa Langit, isinarado ang daan. Walang daan. Pero, sa kabila ng kawalan ng daan, dumating Siya para gumawa ng isa. Oh, ang ganda! Ang unang balandra na naroon ay mga demonyo ng pagdududa, ang kasunod ay maling pagkiling, ang kasunod ay pagka-makasarili; binalot ang mundong ito ng balandra't balandra ng kapangyarihan ng demonyo; pagkatapos ay pagkakasakit, mga karamdaman. Pero nung Siya'y magpasimula nang pumailanlang tungo sa Langit! Kagabi'y tinalakay natin 'yung pagkagaling Niya ng impyerno, taglay ang mga susi ng kamatayan at ng impyerno na nakasabit sa tagiliran Niya. Sa umagang ito ay tutugaygay tayo sa Kanya mismong pagpapailanlang. Hallelujah! Noong bumangon Siya, tinaglay Niya. . . Siya'y mapanagumpay. At, sa Kanya mismong pagpapailanlang, binasag Niya ang bawat kapangyarihan ng diyablo na humahawak sa tao. Pumailanlang Siya tungo sa

Kaitaasan, at nagkaloob ng mga kaloob sa tao, ang mga kaloob ng Espiritu Santo. Ang makapangyarihang Mananagumpay! Siya'y nakatindig nang mag-isa, sa umagang ito! At, sa pagitan Niya at ng bawat mananampalataya, ay ang pinagpala ngang lumang daan ng kabanalan na malalakaran ng mga matuwid. Wala nga noong daan para makaalpas. Haya't nag-iisa lang 'yan na linya na tumutugaygay patungo sa Kaluwalhatian. Siya nga'y nag-iwan ng Duguang mga Bakas sa Kanyang paglakad sa mga libis ng mga kapangyarihan ng demonyo, at gumawa ng daan para sa atin, na tutugaygay nang dire-diretso. Naroon Siya sa Kaitaasan, sa umagang ito, bilang makapangyarihang Mananagumpay!

52 Madiwang na nagbubunyi ang Kanyang bayan. Sampung makailang libo, sa buong palibot ng mundo, ang sumisigaw ng katagumpayan.

53 Naantabayanan ko nga itong lumang malamig at pormal na pakikianib sa iglesya. Nakikinita ko na may magsasabi . . . Sige po't ipapakita ko ang dapat maiwaksi rito.

54 Heto, matapos ang Unang Digmaan, may mensahe nga na pinararating sa daan dito, na nakaabot sa isang Greyhound na bus. Ang sabi ng mga tao dun, "Ano 'yung pagkakaingay na 'yun? Ano kayang mayroon?"

55 At may isa na nagsabi dun, "Tingnan n'yo rito, dito sa diyaryo. Tapos na raw ang digmaan." At lahat nga sila roon ay nagsiiyakan at nagsigawan.

56 Pero may isang babae't ang sabi niya, "Oh, naku, bakit naman ora-oradang matitigil ang digmaan nang ganoon?" Sabi, "Kung humaba pa sana nang ilang araw pa," sabi, "o di sana'y si John at ako'y hayahay lang sana ang buhay-kalye." Sabi, "O di sana'y hayahay lang kami dun."

57 May isa ngang lalaki na nakatayo dun sa likod sa may sabitan ng bus; sinunggaban 'yung babae, at halos ihulog 'yung babae sa pintuan. At nung arestuhin ng pulis 'yung lalaki, ang sabi nung lalaki, "Ang dahilan kung bakit nagawa ko 'yun," sabi niya, "ang babae kasing 'yun ay wala siyang mahal sa buhay na naroon sa gera na inaalala niya. Pero may dalawang anak ako na naroon." Sabi niya, "Di ko napigilan ang emosyon ko."

58 Oh, kapatid! May tatay nga ako sa ibayong 'yun. May mga mahal ako sa buhay sa ibayong 'yun. Kaya't mahalagang bagay 'yun para sa akin, nung magpanagumpay si Jesus. Naroon ang maybahay ko. Naroon ang anak kong sanggol. Naroon mismo ang mga mahal ko sa buhay. Ang dakila't, makapangyarihang Mananagumpay! Sige't tawagin n'yo man akong "holy-roller" o isang "panatiko ng relihiyon," anumang itawag n'yo. Pero, sa tuwing naiisip ko ang dakilang pakikibaka na 'yun, tapos na 'yun, ang halaga'y nabayaran na, nakamit na ang tagumpay. Si Jesus ay nagbangon mismo mula sa patay, ang huling tatak ng

Kanyang pagka-Mesiyas, na haya't tapos na itong lahat. Siya'y nabubuhay, sa umagang ito, kamit ang mga susi ng kamatayan at ng impyerno. Ako nga'y may mga mahal sa buhay sa ibayong 'yun sa hangganan. Ako nga'y nasa dakila't lumang lansangan, naglalakad para makita sila. Huwag n'yong isiping nababaliw na ako. Oh, pero ganoon na lamang ang kagalakan ko na ito'y tinapos na mismong lahat! Isa na itong tapos na gampanin.

Sa pagkabuhay, ako'y inibig Niya; sa pagkamatay, ako'y iniligtas Niya;
Sa pagkalibing, Kanyang dinala sa malayong dako yaring pagkakasala;
Sa pagbangon, nagawa nga Niyang ako'y ariing ganap nang walang bayad kailanman;
Balang araw Siya nga ay darating, Oh araw na walang kasing ningning!

59 Itong pinagpalang lumang bautismo ng Espiritu Santo, na papatnubay sa atin patungo sa kahanga-hangang lumang daan na ito, oh, sadya ngang napaka maluwalhati Nito! Papaano ko Ito ikahihiya? Ako nga'y maninindigan kasama si San Pablo, sa umagang ito, na sinasabi ito, "Hinding-hindi ko ikinahihiya ang Ebanghelyo ni Jesus Cristo, sapagkat Ito'y kapangyarihan ng Diyos tungo sa kaligtasan." Ito'y Kapangyarihan laban sa karamdaman. Ito'y Kapangyarihan laban sa kamatayan. Ito'y Kapangyarihan laban sa libingan.

60 Nung ang matigas, na matandang alagad na 'yun ay hayun na't humantong sa dulo ng daan niya, at haya't hinukay na nila ang kanyang paglilibingan, at mukhaan siyang kinaharap ng kamatayan, siya nga'y napatawa sa harapan nun. Sabi niya, "Kamatayan, nasaan ang iyong tibo? Libingan, nasaan ang iyong pananagumpay?" Tapos siya'y sumigaw ng mga papuri para sa Diyos, "Pero salamat sa Diyos na Siyang nagbigay sa atin ng pananagumpay sa pamamagitan ng Panginoon nating Jesus Cristo!"

61 Ang pinakamakapangyarihang Mananagumpay na nabuhay kailanman, ang pinakamakapangyarihang Mananagumpay na namatay kailanman, dahil Siya lamang ang nag-Iisa na may kakayahang makapanagumpay; mamatay, at gapiin mismo ang kamatayan, at magbangong mag-uli sa pananagumpay! Kanya ngang pinatunayan kung ano Siya. Yun ang huling tatak ng Kanyang pagka-Mesiyas.

62 At ngayon, kung nagkataon po, kung may ilan nga sa loob ng gusaling ito sa umagang ito, na sala sa init at sala sa lamig na miyembro ng iglesya, at di pa nalalaman ang kagalakan na ang pakikibaka ay tapos na. Ang mga tao'y nagsisi sigawan na, ang mga tao'y nagsisi pagbunyi na, ang mga tao'y nagsisi iyakan na! Pero sinasabi mo, "Anong nangyayari sa kanila?" Haya't napagtatanto kasi nila na ito'y tapos nang bagay. Tapos

na ang lahat! Tunay! Atin ngang [Ipinapalakpak ni Kapatid na Branham ang kanyang mga kamay—Pat.] hinahataw na ang mga pamparadang tambol. Pinahihiyaw na nga natin ang mga trumpeta, at ang Ebanghelyo'y inaanunsyo na mismo. Ang kaluwalhatian at Kapangyarihan ng Diyos ay ipinapaalam na. At ito'y tapos nang gampanin, ang kasunduan ay nilagdaan na; luwalhatiin ang Diyos, nilagdaan na mismo ni Cristo gamit ang Kanyang Sariling Dugo! Tapos na ang labanan. Nakamit na ang tagumpay. Di ako ang nagpanagumpay nun; Siya mismo ang nagpanagumpay nun! Ako lamang ay sadyang galak na galak tungkol dito. Grabe!

63 Noong ang ilan sa mga kalalakihang 'yun ay nagbalik na mula sa ibayong dagat, ikinuwento nila sa akin, nung padaong na 'yung barko sa New York, nung ito nga'y padaong na mismo sa pantalan, lumingon nga sila roon at nakita nila ang Estatwa ng Liberty. Yun nga ang unang-unang makikita n'yo, na naka tindig doon. Sila'y nagtayuan, ang ilan man sa kanila'y mga pilay na mga beterano't nagsipuntahan sa ibabaw na kubyerta ng barko, nang sa gayon matanaw nila 'yun. At nung matanaw na nila unti-unti 'yung Estatwa ng Liberty, sila'y unti-unting napaiyak. Sila'y nag-iyakan. Di nila napigilan. Gayong mga kalakihan sila na naglalakihan ang katawan, makikisig na kalalakihan na magagaspang ang mga kamay, haya't sila'y nanginig at nangatal. Di nila napigil ang emosyon nila. Bakit? Isa kasi 'yung sagisag ng kalayaan. Doon sa likuran ng Estatwa ng Liberty, naroon . . . sina tatay, nanay, mga mahal sa buhay, ang kasintahan, maybahay, si bunso, lahat nga na sa mundong ito'y mahalaga sa kanila, haya't naroon mismo sa likuran nun. At bago pa sila makapaglakad papasok roon, napagtanto nila, na 'yun ay lupain ng mga malaya't tahanan ng mga buo ang loob. Tunay, aantigin nun ang inyong emosyon, hayun ang lumang watawat na bumabandera roon. Isipin n'yo 'yun, isang beteranong tadtad mismo ng mga sugat mula sa labanan na dumadaong na sa pantalan! Tunay, na isa 'yung maluwalhating panahon.

64 Pero, oh, kapatid, isa sa umagang ito, kapag ang lumang Barko ng Sion ay sisipol na, at makikita ko ang sagisag na nakatayo roon, ang lumang magaspang na Krus! Habang ang mga hangin ay humahampas-hampas sa luma niyang kulay-abo na mga bandera, habang siya'y umuusad dun sa nakalambong na ulap ng kamatayan. Grabeng kapanagumpayan 'yun! Naku, di na nga nakapagtatakang di natin kayang pigilin ang ating mga emosyon! May kung anong bagay na naganap; tayo nga'y naging mga kapwa-mamamayan. Ang bagay ay nakumpleto na.

65 Noong pagdugtungin nila sa pamamagitan ng malapad na tulay ang Hilaga at—at—at—at Timog Australia, mula Sydney, patungo roon sa Timog Sydney. Ganoon na lamang na lahat na ng kalalakihan ay sinikap nilang . . . Aba, lumibot sila sa buong bansa, para makahanap lamang ng tao na gagawa nun.

Haya't ang gampaning 'yun ay napakabigat, dahil sinasabi-sabi nila na walang makagagawa nun. Sa wakas, may isang lalaki mula sa Inglatera ang nagsabi, "Gagawin ko." At nung pumaroon na siya para gawin 'yung gampaning 'yun, sinubok niya ang bawat turnilyo na ilalagay dun sa tulay. Nakasalalay ang reputasyon niya. Sinuri niya ang lahat ng mga putik at lahat na ilalatag doon. Pumunta siya sa iba't ibang dako, at kinuha niya ang pinaka maiinam na mahahanap niya; kinuha niya ang pinaka magagaling na mga mekaniko, pinaka magagaling na mga kemista, pinaka magagaling na matatagpuan niya, sa palibot niya. At sa wakas, nung natapos na ang tulay, at sumapit na ang araw na susubukin na ang tulay.

66 Tumayo sa isang gilid ang mga kritiko, at ang sabi nila, "Di n'yan kakayanin. Mauuga 'yan. Masyadong mabuhangin 'yung ilalim nun."

67 Pero humukay nga siya nang palalim, nang palalim, nang palalim, nang palalim. May kompiyansa siya. Alam niya kasi na ang lahat ng mga bagay ay sinubok. Tapos ang sabi niya, "Ako mismo ang unang tatawid dun, ako mismo." At habang lumalakad siya para tawirin ang tulay, sa harapan ng alkalde, haya't sa likuran niya mismo; naroon ang malalaking mga tren, na mga anim na bagon ang haba, haya't tumatawid na mismo, pilit inuuga ang tulay. Ang dakilang lalaki na gumawa nun, lumakad siya sa harapan ng prusisyon na ito, nang paganito, "Kung babagsak ang tulay, kasama ako roon." Pero siya nga'y may kompiyansa mismo.

68 Ganoon na ganoon mismo ang ginawa ng ating pinagpalang Panginoon nung buuin Niya ang Kanyang Iglesya! Sinuri Niya ang bawat turnilyo, lahat ng ilalagay Dun, dahil kinakailangan na Ito'y nahugasan mismo ng Dugo! At hayun ang isang kritiko na nakatayo sa may gilid, sabi, "Aba'y sangkumpol sila ng mga holy-roller, di nila kakayanin." Pero isa sa maluwalhating araw na ito! Itong dakila't, makapangyarihang Mananagumpay na ito'y lalakad mismo sa harapan natin ngayon, nang may pananagumpay! Sige't ugain man siya, gawin ang ano mang gawin sa kanya, Kanyang. . . Walang kahit isa ang matatanggal mula roon, saan man, dahil Siya mismo ang gumawa ng daan, at kinumpleto 'yun. Siyanga!

69 Ang kaisipan natin ngayo'y kaisipan ng mga tao, inilalagak natin ang kaisipan natin sa mga bagay ng sanlibutan. Pero hayaan n'yong sabihin ko sa inyo ang isang bagay, kapatid, di n'yo maibubunsod na ikahiya ko ang Ebanghelyo! Oh, kapatid, ako nga'y isang makalumang, ipinanganak na muli, isinilang ng Espiritu Santo, ng Espiritu ng Diyos. Ipinanganak ako sa ganoong paraan, 'yun nga ang buong ako, at 'yun ang talagang inaasam ko kahit kailan.

70 Isang beses, di pa katagalan, may isang babae na nag-aral sa kolehiyo. At isa siyang kaibig-ibig, na munting binibini. At nung siya'y bumalik na sa kanilang tahanan, bitbit-bitbit niya ang ilan sa mga ideyang nakuha niya sa kolehiyo.

71 At marahil, sa umagang ito, ang ilan sa inyo ay bitbit-bitbit pa rin n'yo ang ilan sa mga panlabas n'yong mga ideya. Siguro pa nga'y nadala n'yo, maging sa simbahan, ang marami sa inyo ngang mga ideya. Buweno, iwaksi n'yo na ang mga ito, 'yan nga ang mainam na nalalaman ko na gagawin ko.

72 Mangyari ngang ang binibining ito, nung huminto na 'yung tren sa harapan. May kasa-kasama siyang kaibigang babae, na may pagka-maldita't moderno ang ugali, alam n'yo, 'yung bang tipong mala-Elvis Presley. At nung nakatayo na ang binibini roon, alam n'yo, sa tren, 'yung nanay niya ay naroon sa labas; hayun nga ang isang matandang babae na nakatayo roon, puno ng pilat, ang buo niyang mukha; munti't, parang nakukuba na ang balikat; simpleng katsang damit, may munting talukbong sa kanyang balikat. At 'yung munting kaibigan na may pagka-maldita'y kasa-kasama siya nung binibini, ito ngang kaibigang babae, tumingin nang may pagmamaliit, at sabi, "Buweno, sino kaya 'yang miserable't, pangit na matandang sawimpalad na 'yan?"

73 Buweno, alam n'yo, nakaramdam ng lubos na kahihiyan 'yung binibini, sabi niya tuloy, "Di ko alam," dahil siya nga'y moderno na ang ayos, at napaka rami na niyang ideya na maka sanlibutan sa isip niya. At samantalang nanay na niya 'yun.

74 Nung bumaba na siya mula sa tren, 'yung munti't abang nanay ay tumakbong pasalubong sa kanya, para yakapin siya. Sabi ng nanay, "Oh, iha, pagpalain ng Diyos ang munti mong puso." At 'yung binibini'y tumalikod at nagsimulang lumakad palayo, na parang di niya nakikilala ang babae. Nahiya siya nang husto, dahil pangit ang kanyang nanay.

75 At mangyaring, 'yung kundoktor na naroon sa tren, alam niya ang buong kuwento. Lumakad siya roon, at inilagay niya ang kamay niya sa balikat nung binibini, ibinaling ang binibini sa harap ng mga tao roon, sabi, "Nakakahiya ka! Nakakahiya ka!" Sabi, "Nakita ko mismo nung ang nanay mo ay sampung beses na mas maganda pa kaysa sa iyo." Sabi, "Siya. . . Ako'y nakatira noon malapit sa bahay n'yo." Tapos sabi, "Isa ka pa lang munting sanggol noon, at naroon ka noon sa itaas sa iyong kuna. At nagsasampay noon ng mga damit sa bakuran ang nanay mo." Tapos sabi, "Bigla-bigla na lang, nag-apoy 'yung pugon, at ang buong bahay ay nag-apoy. At hayan nga na ang aba mong nanay ay tumakbo roon, at alam niya kasing naroon ka pa sa itaas, sa itaas." Sabi, "Nagsigawan ang mga tao't, sinubukan nilang pigilan siya. Pero hinila nga niya ang unang bagay na nahawakan niya't, itinaklob niya 'yun, at sinuong mismo ang

mga apoy, kumaripas patungo sa itaas; at ginamit mismo 'yung damit na tumatakip sa katawan niya, at ikaw ang binalutan nun. At heto na siya, pabalik mula sa mga liyab, dala-dala ka na. Pagkatapos nahimatay siya, sa bakuran, at ikaw nga'y tangan-tangan niya sa kanyang mga bisig." Tapos sabi, "Ginamit niya mismo ang bagay na dapat sana'y naging proteksyon niya, at ikaw ang prinotektahan." Tapos sabi, "Ang dahilan kung bakit maganda ka ngayon, 'yun ang rason kung bakit siya pangit. At, irarason mo ba sa akin, na ikinakahiya mo kasi ang mga pilat na 'yun ng iyong nanay?"

Binubulay ko nga ngayon:

> Kung papasanin ni Jesus nang mag-isa ang krus,
> At ang buong sanlibutan ay walang kahit isa na magpapasan?
> May krus sa bawat isa sa atin,
> At may krus maging para sa akin.

76 Kung si Jesus ay binansagang "Beelzebub," ng sanlibutang ito, haya't Siya'y pinagtawanan at nilibak, at ibinayubay sa krus, at dinala ang kahihiyan, para sa akin, ako nga'y higit na nakahandang pasanin ang kadustaan ng Kanyang kabanalan. Siyanga, po. Bansagan mang, "Holy roller!" anuman 'yan na gusto n'yong ibansag, anumang puna na gusto n'yong ikabit. Di nga nun ito mapipigilan. Ako nga'y sadyang nagagalak, sa umagang ito, na, sa puso ko, ang nabuhay na mag-uling si Cristo'y nabubuhay at naghahari mismo. Ako'y isa sa Kanyang mga tagasunod. Tiwala ako na kayo man, ay ganoon din.

77 Ubos na ang oras natin ngayon. Saktong alas siyete na po, 'yan ang sinabi nating oras na magtatapos tayo. Ang kasunod na mga gawain ay mag-uumpisa nang mga dalawang oras, mula ngayon, ng alas nuwebe y media.

Halina't iyuko na natin ang ating mga ulo, pansumandali, sa pananalangin.

78 Mapagpalang Makalangit na Ama, apatnapu't limang minuto ang lumipas, nailahad na po ang Salita. Ang mga puso nami'y di mapagkasyahan mismo ng galak. Ang madiwang na pagbubunyi ay umiiral na; haya't di lang pagbubunyi nang isang araw, kundi isang madiwang na pagbubunyi sa buong Walang Hanggan! Sa kaluwalhatian, ang mga Anghel nga'y nagsisiawitan. Oh Diyos, ang Iglesya, na mapanagumpay, ay umaawit. Ang mga kampana ng kagalakan ay pinatutunog. Ang mga kaluluwa na minsang hinatulan sa kamatayan, at para mamatay at pumaroon sa libingan ng diyablo; ang diyablo nga'y nilupig na! Nilupig na mismo ang kamatayan. Nilupig na mismo ang libingan. Nilupig na ang karamdaman. Nilupig na ang pamahiin. Nilupig na ang masamang pag-iisip. Nilupig na ang poot. Nilupig na ang kalamigan ng loob. Nilupig na ang pagka-

pormal. Nilupig na ang pagmamataas sa sarili. Nilupig na ang lahat. Si Cristo ang dakilang Mananagumpay!

> Narito, masdan ang dakilang Mananagumpay,
> (ang sabi ng makata)
> Narito, masdan Siya na buo ang pagtunghay,
> Sapagkat Siya ang dakilang Mananagumpay,
> Dahil hinapak Niya ang tabing na magwalay.

79 Hinapak Niya ang tabing na nagkubli sa tao mula sa Diyos, at ngayon ang Diyos ay nananahan na sa kalagitnaan ng tao. Hinapak Niya ang tabing na pumipigil sa pagpapagaling ng Diyos. Hinapak Niya ang tabing na pumipigil sa biyaya ng Diyos. Hinapak Niya ang tabing na pumipigil sa kagalakan na nagmumula sa Diyos. Hinapak Niya ang tabing na pumipigil sa kapayapaan na nagmumula sa Diyos. Ngayon ang tabing nga'y nahapak na sa dalawa. Sa pamamagitan ng Kanyang Sariling Dugo, umusad Siya bilang isang Mananagumpay! Tapos na ang labanan, pinatunayan na Niya mismo ito sa atin sa Kanyang pagkabuhay na mag-uli. At ngayon ang Espiritu Santo'y isang saksi mismo, na ipinadala para gabayan tayo.

80 Oh Walang Hanggang Diyos, kung mayroon man na narito sa umagang ito, na nagpapahapay-hapay pa, papasok-lalabas, mula sa lansangang ito, na napapadpad sa gilid ng daan; wala mismong kakayahan na makapaglakad sa gitna, kasama ang dakilang mga bayani, mga dakilang bayani na lumakad mismo sa gitna ng daan; dalangin namin, sa umagang ito, na kanilang maisuko na ang lahat-lahat nila sa Kanya, at lumabas na't magtamasa nitong dakilang pananagumpay na nakamit ng aming nagbangong Panginoon. Iyo pong ipagkaloob ito, Ama, sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Cristo.

81 At habang nakayuko ang ating mga ulo. Iniisip ko nga, na sa mismong sandaling ito, na kung magagawa n'yong itaas ang inyong mga kamay kay Cristo, at sabihin, "Cristo, nakikita ko na ang halaga, hinding-hindi na Kita ikahihiya muli. Ako po'y naging mahiyain lamang." Pagpalain ka ng Diyos, binibini. Pagpalain ka ng Diyos, ginoo. Pagpalain ka ng Diyos at ikaw. Oh, ang ganda, maraming mga kamay ang nagsisipagtaas sa lahat ng mga dako! "Ako'y naging mahiyain nang kaunti. Ako nga'y nakaramdam ng kahihiyan. At tunay na nakikita ko na ang kalagayan ko ngayon. Hindi ko po dapat ginawa 'yun. Ang dapat ko ngang ginawa ay tumindig nang may katapangan, at ilahad ang aking patotoo! Yun na 'yun mismo ang gagawin ko. Sasabihin ko sa lahat, 'Ako'y ipinanganak na muli.' Haya't sasabihin ko mismo sa lahat, 'Natanggap ko na ang Espiritu Santo.' Di ko ikinahihiya ang Ebanghelyo, dahil Ito mismo ang Kapangyarihan ng Diyos tungo sa kaligtasan. Hinahangad ko ngang maging isang tunay na Cristianong umuusad. Di ko po 'yun nagawa noon. Pero, sa pamamagitan ng tulong ng Diyos, haya't mula sa umagang ito ng Pasko ng Pagkabuhay, magiging

ganoon ako. Magiging ganoon ako." May mga magtataas pa ba ng mga kamay ngayon habang tayo'y mananalangin? Pagpalain ka ng Diyos, ikaw, ikaw.

82 Grabe, tingnan n'yo nga ang mga nagsipagpasya! Mga nasa dalawampu't lima o tatlumpu, na nakaupo sa kalagitnaan ng munting grupong ito ng mga tao sa umagang ito, ang nakapag pasya na nang buo. Mula sa dakilang mapanagumpay na umagang ito, sila nga, sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, sila nga'y titindig dun at di ikahihiya ang Ebanghelyo, dahil Ito ang Kapangyarihan ng Diyos tungo sa kaligtasan.

83 Oh Diyos, samantalang ang mga kamay na ito'y nakataas, at ang musika'y matimyas na nauulinigan pabalik dun sa daan, yamang lumipat na kami mula sa kamatayan tungo sa Buhay, sapagkat sinabi Mo, "Ang dumirinig ng Aking mga Salita, at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na walang hanggan." Lumipat na sila mula kamatayan patungo sa buhay, dahil Ikaw ay napaging kamatayan nang sa gayon sila ay mapaging Buhay, sa pamamagitan ng Iyong pagkabuhay na mag-uli. Inilagay Ka na maging mas mababa pa kaysa sa mga Anghel, bumaba para maging isang tao, lumabas mula roon sa dakilang Theophany mula sa Ibayo, na pinaging laman; at nagtaglay ng Dugo, at binubo ang Dugong 'yun, nang sa gayon Ikaw po'y makagawa ng daan para makaalpas kaming lahat. Mangyaring di lang 'yun, (nabasa namin sa Biblia), heto nga't pinatunayan Mo ito mismo, nang walang pagkabigo, sa pamamagitan ng pagbangon mula sa patay, at ibinangon ang mga patay noong narito Ka noon sa lupa; at di lang 'yan, hayan nga't nagbigay Ka mismo, naglahad Ka ng dobleng patunay, gaya ng ginawa Mo noon kay Abraham; ngayon, liban pa dun, Iyo ngang isinugo pabalik ang Espiritu Santo upang maging saksi. At taglay na namin ang Kanyang pinagpalang Presensya sa piling namin, at narito sa kalooban namin, pinapatnubayan kami, pinapangunahan kami patungo sa buong Katotohanan at Liwanag.

84 Pinasasalamatan Ka nga namin dahil sa maraming mga kamay na ito na nagsipagtaas, sa umagang ito, na sinasabi, "Akin na ngayong tinatanggap mismo si Cristo bilang akin." Oh Diyos, kung di pa sila nababautismuhan sa tubig, para isagisag ang dakilang kamatayan, pagkalibing, at pagbangon na mag-uli ng kanilang pinagpalang Panginoon, nawa bumalik sila sa gawain sa umagang ito, na dala na nila ang kanilang damit, at nakahanda nang lumusong sa malamig na tubig na ito. Iyo pong ipagkaloob, Ama.

85 Iyo pong pagpalain kami. Patawarin kami sa aming mga pagkakasala. Ibibigay namin sa Iyo ang papuri, sa lahat ng mga kapanahunan mang parating. Kapag tapos na ang pakikibaka, kapag ang usok ay napawi na, at buong napagsulit na ang kagalakan, haya't sa pamamagitan ng makalupang mga labi na

ito, na Ikaw ay aming papupurihan nang lahat ng makayanan namin, kami nga'y magtatamo ng bagong mga tinig, bagong katauhan, para sa gayon ay mapapurihan Ka. Nawa po'y maka pasok kami taglay ang kagalakan. Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Cristo. Amen!

86 Sige po't magsitayo na tayo ngayon. . .?. . .Huwag n'yong kalimutan ang mga gawain, alas nuwebe y media. Umuwi po muna kayo, mag-almusal muna. Bumalik, aasahan namin na makasama uli kayo ngayon. At pagkatapos mamayang gabi, paalala lang. Kinakailangan kong umalis sa hapon, mag-aaral at mananalangin.

87 Sapagkat sinasabi ko mismo sa inyo, na, si Cristo nga'y nabubuhay, hindi Siya patay. At naniniwala ako, nang buong puso ko, Siya po'y dadako rito sa gusaling ito mamayang gabi, para ipakita na Siya talaga'y nabubuhay, na gagawin ang siya ring mga gawa na ginawa Niya noong pinaka umaga ng Pasko ng Pagkabuhay at sa buong pagtahak Niya sa buhay rito. Kung di po 'yun mangyari, kung ganoon ay bulaang propeta ako. Lubos nga ang kagalakan ko, na sa matindi't madilim na oras na ito na kinabubuhayan natin, na ang buong pag-asa, ay tila ba, pumaram na; si Cristo, ang matatag na Bato na atin ngang kinatatayuan, lahat na ng ibang kinatatayuan ay buhanging gumuguho. Buweno.

88 Sige't ang ating munting, awitin ng pagtatapos, itong *Take The Name Of Jesus With You*. Ang lahat po, sabay-sabay tayo ngayon.

> Take the Name of Jesus with you,
> Child of sorrow and of woe;
> It will joy and. . .

89 Sige't bumaling lang sa buong paligid, at makipagkamay, at sabihin, "Purihin ang Panginoon," sa mga nariyan sa tabi n'yo. Buweno, purihin ang Panginoon. . .?. . .

> Hope of earth and joy of Heaven;
> Precious Name, Oh how sweet!
> Hope of earth and joy of Heaven.

90 Ngayon ang lahat po'y maaari bang bumaling sa gawi rito? Atin ngang purihin Siya. Atin lamang itaas ang ating mga kamay, at sabihin, "Salamat sa Iyo, Panginoon, sa pagliligtas ng aking kaluluwa." Sige po, ang lahat!

> Thank You, Lord, for saving my soul.
> Thank You, Lord, for making me whole.
> Thank You, Lord, for giving to me,
> Thy great salvation so full and free.

91 Grabeng maluwalhating bagay! Iniibig n'yo ba Siya? Sige't sabihin, "Amen." Oh, ang. . .Ang lahat po'y kinumpleto na mismo ngayon, mga anak. Tapos na ang lahat, wala nang

labanan, wala nang pakikibaka, wala na kayong dapat gawin; ito kasi'y tinapos na mismo. Magbubunyi na lamang tayo! Oh, ang ganda! Tayo po'y kumpleto mismo, sa Kanya!

. . . leaning,
Safe and secure from all alarm;
Leaning, leaning,
Leaning on the everlasting Arm.

Oh, how sweet to walk in this pilgrim way,
Leaning on the everlasting Arm;
Oh, how bright the path grows from day to day,
Leaning on the everlasting Arm.

Leaning, leaning,
Safe and secure from all alarm;
Leaning, leaning,
Leaning on the everlasting Arm.

Kayo na nagnanais, at may panyo, sige po't ilabas n'yo.

. . . oh, leaning,
Safe and secure from all alarm;
Leaning, leaning,
Leaning on the everlasting Arm.

Ngayon ang Biblia n'yo naman!

Leaning, leaning,
Safe and secure from all alarm;
Leaning, leaning,
Leaning on the everlasting Arm.

92 Ano pong sabi? Ligtas at panatag, buong-buo, tapos na, ang pakikibaka'y tapos na, ang huling tatak ay binuksan na, Siya nga'y pumaitaas na. Hallelujah!

Leaning, leaning,
Safe and secure from all alarm;
Leaning, leaning,
Leaning on the everlasting Arm.

93 Ngayon iyuko po natin ang ating mga ulo sa direksyon ng alabok kung saan tayo hinango ng Diyos, kung saan darating ang araw na tayo'y papailanlang mula sa alabok na ito ng lupa. Sapagkat, ang ating Panginoon, mula sa alabok, nagtungo sa alabok, para ibigay sa atin ang Kanyang imortal na Espiritu, Siya'y pumailanlang mula sa alabok. At ang lahat ng sa Kanya, ay papailanlang kasama Siya isang araw, patungo sa dako ng mga pinagpala.

94 Habang nakayuko po ang ating mga ulo. Nakikita ko si Kapatid na Smith sa kalagitnaan natin, sa umagang ito, ang pastor po ng Church of God; tumawag siya sa akin kagabi. Kapatid na Smith, maaari ka bang pumarito. Iniisip ko nga ngayon, sige't isasara ni Kapatid na Smith ang gawaing ito sa pamamagitan ng pagdulog na panalangin. At sa mabilisan n'yo

pong pag-uwi sa inyong mga tahanan, haya't kumain kayo ng inyong almusal. Bumalik lamang para sa gawain ng Sunday School, at sa gawain ng pagbabautismo, mag-uumpisa po 'yun agad ng alas nuwebe y media. Maaari na po ba nating iyuko ang ating mga ulo, habang isasara ni Kapatid na Smith ang gawain sa isang pananalangin.

*Ang Dakila't Makapangyarihang Mananagumpay* TAG57-0421s
(The Great And Mighty Conqueror)
Serye Ng Mga Rebaybal Sa Pasko Ng Pagkabuhay

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong umaga ng Linggo ng Pagkabuhay sa oras ng pagbubukang-liwayway, Abril 21, 1957 sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2020 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org